74

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 6, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO

Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

### KAPASIYAHAN BLG. 123-T2009

**KAPASIYAHANG BINIBIGYANG-KAPANGYARIHAN ANG KAGALANG-GALANG PUNONG BAYAN ARIEL T. MAGCALAS UPANG ILAAN ANG HALAGANG ISANG MILYON LIMANG DAANG LIBONG PISO (Php1,500,000.00) MULA SA ANILAG FESTIVAL BOOTH COMPETITION AT ILAGAY SA PROYEKTONG HOLDING CENTER FOR MINOR OFFENDERS SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ang kahilingan ng Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas na bigyan siya ng kapangyarihang ilaan ang halagang P1.5M bilang premyo ng bayang ito sa naganap na Anilag Festival Booth Competition at ilagay para sa pagtatayo ng Holding Center for Minor Offenders sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi at Lupon sa Pagawain at Inpraestraktura ng sangguniang ito para sa pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtalakay, pagbibigay-katwiran at paninindigang makapagpatibay ng isang kapasiyahan, sa pasubaling dadaan at iraratipika sa sangguniang ito ang kontrata para sa nabanggit na proyekto, kaharap ang Pinuno ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad na pinaanyayahan sa naturang pulong ay inirekomenda ng kaukulang lupon ang pagbibigay-kapangyarihan sa Kgg. Punong Bayan na ilaan ang nasabing halaga para sa proyekto.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang-kapangyarihan ang Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas upang ilaan ang halagang Php1,500,000.00 mula sa Anilag Festival Booth Competition at ilagay sa proyektong Holding Center for Minor Offenders sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Lalawigan, Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Panlalawigang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan